



## *Pegsawwit te Kalandihan: Isang Personal na Salaysay sa Sayyew ng mga Matigsalug sa Sinuda, Kitaotao, Bukidnon*

Freddielyn B. Pontemayor  
*Department of Language Education*  
*College of Education*  
*Central Mindanao University*  
*freddielyn\_pontemayor@dlsu.edu.ph*

**Abstract:** Ang papel na ito ay isang personal na salaysay ng mananaliksik ukol sa *sayyew* o sayaw ng mga Matigsalug sa Sinuda, Kitaotao, Bukidnon. Pinanatili ang terminong “*pegsawwit te kalandihan*” o *thanksgiving to nature* dahil bahagi ng kanilang buhay mula pagsilang hanggang kamatayan ang kalikasan at sa pamamagitan ng ritwal na kinalalangkapan ng pag-awit at pagsayaw, isa itong paraan upang pasalamat ang mga espiritu ng kalikasan at diyos ng tribo sa lahat ng biyayang ipinagkaloob sa kanila (kabuhayan, talento sa sining at iba pa). Sa pamamagitan ng training-workshop, imersyon, kalahok-masid at pakikipanayam na bahagi ng programang extension at research project ng institusyong kinabibilangan, tinipon ang mga impormasyong nakalap upang makabuo ng isang diskursong pumapatungkol sa pagpapahalaga sa uri, kahulugan at layunin ng sayaw ng mga Matigsalug na sumasalamin sa kanilang tradisyon at kultura. Ang ulat na inilabas ng (NEDA, “Philippine Development Plan 2011-2016”) ay nakapagpaalarma hindi lamang sa kondisyon ng mga tribong Matigsalug na ang tanging pinagkukunan ng kanilang kabuhayan ang kalikasan, kundi isa itong babala sa lahat ng mamamayan sa Pilipinas. Gamit ang konsepto ng imitasyon, inilapat ito para bigyang-empasis ang kabuluhan ng kalikasan at ang ugnayan nito sa sayaw at kultura ng tribong Matigsalug. Dagdag pa rito, nais din bigyang-empasis ng papel kung ano ang tunay na kahulugan ng pagiging awtentik lalo na ang sayaw. Gayundin, ginamit ng mananaliksik ang awiting “Masdan Mo Ang Kapaligiran,” upang magbigay-kabatiran at panawagin ang lahat ukol sa magandang mensahe ng awit.

**Key Words:** *pegsawwit te kalandihan*; personal na salaysay; *sayyew*; konsepto ng imitasyon; pagpapahalaga sa kalikasan; Matigsalug

The study is a personal narrative of the researcher on the *sayyew* (dance) of the Matigsalug in Sinuda, Kitaotao, Bukidnon. In this paper, the term “*pegsawwit te kalandihan*” or “thanksgiving to nature” is retained because nature to them is their lifeblood. Through rituals with songs and dances is a show of gratitude to the spirits



of nature and god *Manama* for all the blessings they received (livelihood, talents and others). The data gathered from the training-workshop, immersion, participant-observation and interview that were part of extension and research program conducted by the university were instrumental in discovering the value and meaning of the Matigsalug dances. The dance discourse of the Matigsalug clearly depicted their culture and tradition. The report from NEDA (“Philippine Development Plan 2011-2016”) is alarming not only for the Matigsalug communities but also to all Filipinos whose main source of food come from the forest and the environment in general. The concept of imitation was used to reveal the significance of nature and its relationship to dance and culture of Matigsalug tribe. In addition, the paper would like to emphasize on the meaning of the authenticity of dance, as well as the use of the song “Masdan Mo Ang Kapaligiran” (You Observe The Environment) to give awareness and calling for all the people about the relevance of the message of the song to our survival.

**Key words:** *pegsawwit te kalandihan*; personal narrative; *sayyew*; concept of imitation; valuing the nature; Matigsalug

## 1. INTRODUCTION

Sa loob ng isang dekadang karanasan bilang miyembro ng socio-cultural committee na nagpapalano at nangangasiwa ng mga palatuntunan at pagiging collaborator at study leader ng extension at research projects na inilunsad at sinuportahan ng institusyong aking kinabibilangan, gayundin ng DepED at ilang lokal na pamahalaan na sakop ng probinsya, nakatulong ito upang bigyang-linaw ang kabuluhan ng pag-unat ng tulong o serbisyo sa akademya’t komunidad at pagpapahalaga sa yaman ng sining at kultura ng tribong Matigsalug sa Sinuda, Kitaotao, Bukidon lalo na sa panig kong guro na hindi mapapantayan ng salapi ang kaligayahang naidudulot nito.

Hindi ako isang mahusay na mananayaw at limitado rin lang ang aking kaalaman ukol sa konsepto ng pagsasayaw at ibang anyo ng sining ngunit nasa puso ko ang pagtataguyod ng pagpapahalaga sa sining at kultura ng mga tribo lalo na sa probinsyang aking kinalakhan. Isa ang tribong Matigsalug sa pitong tribo ng Bukidnon na mayaman sa tradisyon, sining at kultura. Batay sa deskripyon ng *Ethnic Groups of the Philippines* (2017) ukol sa tribo:

According to oral tradition, the tribe originated from the river, as most of their houses were built next to it. Indeed, the river became the main source of food for the majority of the Matigsalug because of its abundant fish and the edible plants that grow along the riverbanks. The water was used for drinking, bathing, and washing. The river sustained the Matigsalug, especially during periods of drought. In recent years, however, the influx of people together with the increase of population in the area eventually contaminated the river. Moreover, trees are fewer due to the constant cutting by illegal loggers. These factors left few options for the Matigsalug to survive and made them more vigilant in taking actions to defend and preserve the river from abusers.



Sa katunayan, isa ang tribong ito sa pitong tribong kabilang sa taunang pagdiriwang ng *Kaamulan Festival* na nagpapakitang-gilas ng talento sa pag-awit, pag-arte at pagsayaw. Bukod ang festival na ito ay dinaragsa ng mga Pilipino't dayuhan mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at maging sa ibang bansa, at naipapalabas sa iba't ibang anyo ng social media, itinuturing na "authentic festival" sa buong Pilipinas. Dulot ng modernisasyon, nagkaroon na nang pagbabago sa kahulugan at tradisyon ng sayaw ng mga lumad. Kaya, may ilang mga lumad ng tribo na nagkakaroon ng komento ukol sa sistema ng pagsayaw o ang pagiging awtentik ng sayaw, props na ginamit, at ang kwento sa likod ng mga pagdiriwang na ito. Sa Merriam-Webster Dictionary, ganito ang kahulugan ng salitang "authentic", "*worthy of acceptance or belief as conforming to or based on fact; conforming to an original so as to reproduce essential features; and made or done the same way as an original.*" Ayon sa ilang lumad, "nawawala na ang orihinalidad at esensya ng tradisyon at tila nagiging purong entertainment na lamang ang "dating" nito sa madla."

Ang pananaliksik ni Yamut (2009) ay tumatalakay sa mga uri o kahulugan ng mga sayaw ng mga Matigsalug gayundin ang mga props o instrumentong ginagamit sa pagsasayaw. Ngunit ang papel na ito ay paunang pagdodokumento ng ilan pang uri ng sayaw at ang relasyon nito sa kalikasan na repleksyon ng kanilang tradisyon at kultura. Nagsisilbi ring panukalang papel na ilulunsad ng mananaliksik para sa extension at research project na ang target nito bukod sa tribong Matigsalug ay ang natitira pang anim na tribo (*Higaonon, Umayamnon, Talaandig, Tigwahanon, Bukidnon at iba pang sub-group ng mga Manobo*) ng Bukidnon upang ipangampanya ang pagpapahalaga at pangangalaga sa kalikasan, awtentisidad at wastong panggagad ng sayaw, at mailarawan ang tradisyo't kultura batay sa mga kwentong bumabalot sa bawat uri ng sayaw ng mga tribo sa kabila ng modernisasyon. Nilalayan din ng papel na mabigyang tutok ang ilan pang uri ng sining mayroon ang bawat tribong ito na hindi pa naidodokumento.

Dahil sa pag-usbong ng modernisasyon, nagkaroon din ng pagbabago sa interes ng ilang kabataang lumad, mas naiimpluwensyahan sila ng mga kanluraning napapanood o nababasa sa social media gaya ng K-Pop, at iba pang dayuhang mang-aawit at mananayaw. Kaya, nagreresulta ito sa unti-unting "pagkamatay" ng kanilang tradisyon at kultura.

Batay sa naging training-workshop kasama na rito ang imersyon o pakikipamuhay sa naturang lugar, kalahok-masid (participant observation) at pakikipanayam. Kasama ng buong team ng nasabing proyekto, matagumpay naming natapos ang proyektong extension at research at dulot nito, nakatulong upang makapagprodyus ng ilang mga performers na kinabibilangan ng mga kabataan mula sa mga impormasyong natutuhan nila sa nasabing programa. Kaugnay nito, batay sa ulat na ipinasa ng project leader, sa munting tulong din gaya ng pagbasa, literasi at mitigasyon sa epekto ng pagbabago ng klima, pangangalaga sa kalusugan at kalinisan, literasi sa kasanayan sa iba't ibang anyo ng sining (pagpipinta, pagsayaw, pakukuwento, at iba pa) at paggamit ng iba't ibang pagtataya (assessment) at iba't ibang istrategiya sa pagsasalin ng mga guro sa kanilang mag-aaral na Matigsalug upang mas lalong mapadali ang pagkatuto ay nakaragdag ng kamalayan sa buong komunidad (Bayron et.al., 2012).

Si Datu Brigido "Briggs" Lacaran bilang *talagpanulu* o cultural master (hindi man nakatapos sa kolehiyo ngunit malawak ang kaalaman at karanasan) na naging isa sa mga respondente at resource person. Nagtatrabaho siya sa LGU ng Kitaotao, Bukidnon at kasama ng kanyang katribo gaya nina (Bae Aileen Maasab, Bae Maridel (nakapagtapos ng digring Edukasyon sa Elementarya) Lacaran, Datu Larry Salibay (nakapagtapos ng digring Community Development), at si Datu Queram Lacaran (kapatid ni Briggs, isa siyang mahusay na mang-aawit at isa sa mga performer ng tribo, at miyembro ng Federation of the Matigsalug Manobo Tribal Council o FEMMATRICS), at iba pang matatandang datu at bae (elders) ng naturang programa

Presented at the 12th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 20, 21 and 22, 2019



ay nakapagpresenta na rin sa ibang bansa gaya ng bansang Indonesia noong Setyembre 2012 at higit sa lahat sila ang tumulong sa buong team upang ipaliwanag at isalin sa wikang Ingles at Bisaya ang mga tugon ng iba pang kalahok ng pag-aaral (personal na panayam, 2012). Sa katunayan din, ang ama ni Briggs na si Datu Manuel Lacaran ay isa sa mga pioneering na mananayaw ng *Kahika Dance Troupe* noong 1970, ang tawag sa grupo ng mananayaw ng tribong Matigsalug (Talle et.al., 2012) at kasalukuyan, buhay pa ang grupong ito. Kasama ang kanyang ama, ang grupong ito ay nakapag-perform na rin mula lokal hanggang internasyonal. Ang karanasan naman ni Briggs sa Performing Arts ay nagtulak sa kanya upang makilala ang kanilang tribo. Isa siya sa mga napiling fellow ng 1<sup>st</sup> Mindanao Directing Workshop noong Mayo 2012. Ayon kay Briggs, “ang kanilang grupo ay tinawag na *Bol-anon Theater Group*, ang tema ng kanilang *sayew* sa Indonesia ay ukol sa mga bagyo at biktima ng Sendong. Kinukuha rin kaming mag-perform sa iba’t ibang okasyon ng mga eskwelahan at aktibidad ng mga lungsod. Ang nalikom na pera nila’y naitulong din sa kanilang komunidad.” Dagdag pa ni Briggs, “ang orihinal na mga *sayew* ng tribo ay matatagpuan sa mismong komunidad ng tribo” (panayam sa pamamagitan ng text at tawag, Enero 28, 2019).

Ngunit sa kabalintunaan nito’y sila ang purong lumad ay hindi nabibigyan ng pagkakataon na sila ang mangasiwa o magplano ng sayaw na pinipresenta tuwing *Kaamulan Festival* bagkus mga tagalabas ang kinukuhang choreographer.

## 2. MAIN CLAIM/S

Mahalaga ang papel sa pagsulong ng konsern sa pagpapahalaga ng yaman ng tradisyon at kultura ng mga Matigsalug at iba pang lumad sa Bukidnon. Kinakailangan ang kooperasyon ng lokal na pamahalaan, NGO at akademya hindi lamang upang mapanatili ang kultura kundi ang pangangalaga na rin ng kalikasan na siyang isa sa mga pinagkukunan ng kanilang kabuhayan. Sa katunayan, isa ang tribong Matigsalug sa naitalang tribo sa Pilipinas na dumaranas ng kahirapan at ang tanging kanilang pinagkukunan ng kabuhayan ay ang mga abeylabol na pag-aaring yaman sa kanilang kapaligiran. Sa ulat na inilabas ni Elemia (2017), sa pakikipagtulungan ng Department of Trade and Industry at ng Aboitiz, “*The government and private sector have joined hands to help the Matigsalug tribe, among the poorest in Mindanao, develop skills and sustain their livelihood.*” Ngunit sa kabila nito, maraming napapabalita na rin sa mga diyaryo at telebisyon ang pagkaubos ng likas na yamang-gubat at yamang-tubig. Batay na rin sa pahayag ni Datu Juanito Mandahay, “*We get everything from Mother Nature – medicines, food, water, everything. We are very happy because of this sustainable program. It also teaches us to enhance our traditional products anchored on our unique culture, the Matigsalug tribe,*” (ulat ni Elemia, Mayo 6, 2017). Nakatulong nang malaki ang isinagawang hakbang ng DTI ngunit ano ang magiging kahahantungan ng kalikasan kapag naubos na ang mga hilaw na materyales na gagamitin sa paggawa ng kanilang produkto sa kabila ng kaliwa’t kanang pang-aabuso ng ilan sa ating likas na yaman? Gayundin, paano maipipresenta o mairepresenta ang sining, tradisyon at kultura ng mga tribo kung gayon ang lahat ng yamang ito ay tuluyan nang maglaho sa mundo? Ganito ang malinaw na pagkakalahad ng isang artikulo mula sa isang ahensya ng gobyerno ukol sa posibleng kahihitnan ng kapaligiran:

The main threats to Philippine forests come from the collection of fuel wood, settlements in forestlands, conversion to agricultural uses, kaingin and forest fires, and illegal logging. There are approximately 20 million people living in upland watershed areas, half of whom are dependent on shifting cultivation for their livelihood. Inequitable land distribution, insecure tenure and rural poverty are often cited as causes of deforestation and forest degradation in the Philippines, linked to increases in rural populations both as a result of high fertility and in-migration. Deforestation has made many poor communities more vulnerable to natural calamities such as of typhoons, flash floods and landslides. (nabanggit sa NEDA, *Philippine Development Plan*, 2011-2016, p.307).



Ang mga yaman ng kalikasan ay itinuturing na karugtong ng kanilang buhay mula pagsilang hanggang kamatayan. Ganito ang pagbibigay-empasis ni Griffin (2009) ukol sa halaga ng kalikasan sa buhay ng mga tribo, “*Many tribes have been able to sustain their environments according to their creation stories and the gifts that were given to them by their Creator*” (p.2). Gaya ng mga Matigsalug malaki ang kabuluhan ng kalikasan sa kwento ng kanilang tribo at ng kanilang diyos na si *Manama* o *Magbabaya* (tawag para sa ibang subgroup ng mga Manobo).

### 3. PRESENTATION OF YOUR ARGUMENT

Sa pagtalakay ng kabuuan ng aking papel, nais ko munang ilatag sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba, mga impormasyong nakalap mula sa naunang mananaliksik at ang panayam na naisagawa ukol sa *sayyew* ng mga Matigsalug upang bigyang-linaw ang konseptong aking pinanghahawakan at ang argumento ng papel na ito.

Ang *sayyew* ng mga Matigsalug ay nauuri sa mga sumusunod batay sa mabusising pagtalakay ng aking mga kasamahan. Ang talahanayan ay kunting nirebisa ng mananaliksik, isinalin sa wikang Filipino at upang mailatag ang mga naging respondent, pamagat ng *sayyew*, mensahe nito, layunin ng *sayyew* at ang dahilan na maaaring personal, politikal o komunal. Higit din sa lahat, layunin ng paglalahatag na ito upang makita ang koneksyon ng *sayyew* sa kalikasakan.

Makikita sa talahanayan 1 ang tugon ng mga nakapanayam na mga Matigsalug (datu at bae):

Respondents	Title	Message	Purpose	Reason
Datu Antonio Tandingan Dancers: Datu Antonio Tandingan and Bae Launa Tandingan) *International Performers	1. AAbakae	In the olden times, we use abaca to make our clothes.  “Noong unang panahon, ginamit naming ang abaka para gawing damit.”	This is performed during weddings, fiesta celebrations. This is also performed so that we will be reminded of how the clothes were made in the olden times.  “para sa kasal, pista, para maalala ang pinagmulan ng damit”	We dance because we want to be recognized as national dancers.  “Para malaman na kami’y national dancer”
Bae Elina Uban *48 yrs old Dancers: Datu Jesus Uban and Bae Elina Uban	2. Naalimungaw on Kay Dungen Ko	This expresses the state/condition of Sinuda in the olden times.  “Para maipakita ang kondisyon ng Sinuda noong unang panahon...nabago ang Sinuda nang kayo’y dumating”	For oneself.  “para sa sarili”	So that it would be known where our culture began.  “para malaman ang pinagmulan ng kulturang Matigsalug”
Datu Jesus Uban *52 yrs old Dancers: Datu Jesus Uban and Bae Elina Uban	3. Nangaliya sa Dios/ Manama/Mag babaya	Don’t forget God.  “paalaala na hindi dapat kalimutan ang Panginoon habang tayo’y buhay pa”	To call on God.  “manawagan sa Makapangyarihang Diyos”	This is the time to call on God, especially now that someone has travelled or is on a journey.  “panawagan sa Panginoon para manalangin sa



				isang taong maglalakbay” So the young would remember. “para maalaala ng mga kabataan”
Bae Launa Tandingan *42 yrs old Dancers: Bae Launa Tandingan and Datu Antonio Tandingan *International Performers	4. Gimukod	The speaker instructs the living(listener) to take care because the speaker would go on a journey.  “nagtagubilin sa mga buhay na magpakabuti dahil siya’y dadako na ibang lugar”	For the dead.  “alay para sa isang namatay”	
Datu Quezon Damlay	5. No title	Our promises are meaningless, now that you’re gone...I long for you my love ... I might die of loneliness.  “nanghihinayang sa mga pangakong tuluyang naglaho, ang aking minamahal ay dumako na ibang buhay... ang aking problema, dala ng aking minamahal ang aking puso’t isipan...ikamamatay ko ang labis na pangungulila sa kanya”	To entertain the people during community gatherings.  “para sa kasiyahan kung may pagtitipon”	Datu Quezon created the song based on his experience. His wife has died. He had a house built at the cemetery. He now lives there to be with his wife.  “nagawa niya dahil nangyari mismo sa kanya”  “si Datu Quezon, nagtayo ng bahay sa sementeryo para makasama niya ang kanyang asawang namatay na”
Datu Samie Dalac *Anak ug bagani (warrior)	6. Saut	When a man’s wife is taken from him, he would fight and eventually kill the man who took his wife. After which, the man will also kill his wife, since his wife was not committed to him. Commitment is more important than one’s love.  “pasundayag o demonstrasyon”  “ahawan te asawa” : inagawan ako ng asawa  “example kung ahawan te asawa, inagawan ako ng asawa kaya <i>magsaut</i> ako at maghahanda siya...at ang palaging	To show one’s talent in dancing.  “ipinapakita rito ang talento kung may pagtitipon” “pwede rin sap ag-aaway pero hindi na kailangang sayawin kundi direktso na...”	To entertain. To show what happened in the olden times.  “para magbigay-kasiyahan o manlibang ng manonood at para malaman ang naganap noong unang panahon.”

Presented at the 12th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 20, 21 and 22, 2019



		nang-aagaw ng asawa ang unang mamatay at natatalo sa laban...at ang papatayin din ang asawa dahil hindi niya tinupad ang pangako o commitment niya...dahil mahalaga ang pag-ibig, kaya ang sinumang nagtaksil, kailangang patayin”  “pero sa kasalukuyan hindi na ito nangyayari dahil ipinagkakasundo na ng Datu.”		
Bae Elda Andricor and Bae Arlyn Empoloc	7.Di Mo Magparehas sa Ako-a nga Nagtaban ug Lain nga Lalake	Do not go with other man if you are married.  “hindi dapat mangaliwa o sumama sa ibang lalaki...”	A reminder to those who are married.  “paalaala sa mga mag-asawa”	To remind the married women that it is bad to go with other men. (And besides, horses are now very expensive to appease one’s husband).  “paalaala sa mga mag-asawa na hindi pa nakaranas magtanan dahil pangit ang imahe ng isang babaing itinanan at sumama sa ibang lalaki..hindi rin dapat pamarisan dahil mahal ngayon ang kabayo na iaalay para pahupain ang galit ng asawa.”
Bae Maria Bayansao	8.No Title	No message/meaning. The dancer performed only to practice one’s dancing skills.  “para magpraktis lamang dahil noon walang panahon para magpraktis... dahil ang mga magulang abala sa trabaho sa bukid”	The dancer practiced so that she could teach her children how to dance.  “para magpraktis...para maturuan ang mga anak...”	To teach one’s children to dance, in order to protect one’s culture.  “para maturuan ang anak para hindi makalimutan ang kultura”
Bae Ondima Mandanuay	9.No Title	To thank and entertain the visitors. And to express the need of the Tribe to be educated.  “paraan para	Thanksgiving.  “pasasalamat”	To welcome the visitors...to ask for help...  “pag-welcome sa bisita... hihingi ng



		pasalamatan ang mga bisita, isang paraan para libangin ang mga bisita, umaapela ang tribo na tulungan para sila'y ma- edukado..."		tulong... depende na sa bisita kung ano ang pwede niya maiambag"
Bae Lolita Dacao *40+ yrs old	10. Para sa Bisita	A dance to express her happiness and to thank the visitors.  "pasasalamat na may bisita, para maging maaliw at mahing masay din siya na maipahayag ang kanyang nararamdaman"	Thanksgiving.  "pasasalamat"	To preserve one's culture...To teach the children.  "para ma-preserve ang culture... dili mawala... para makatudlo sa anak"
Bae Perina Malicon	11.No Title	This is a reminder to her children that they should do good.  "paalaala sa kanyang mga naka na maging matuwid sa buhay dahil ayaw niyang maging gaya sa kanya na walang mga magulang...wala nang pumapayo sa kanya, wala nang tuturo sa kanya sa mabuting pag-uugali o paggawa"	To remind her children.  "pagpapaalaala"	To remind her children.  "paalaala sa kanyang mga anak"
Datu Samie Dalac, Datu Quezon Damlay, Bae Elda Andricor, Bae Arlyn Empoloc, Bae Lolita Dacao, Bae Ondina Mandanuay, Bae Maria Bayansao, Bae Perina Malicon	12.Inamong	This shows how the rice grains are separated from the stalks in the olden times.  "kasaysayan noong unang panahon kung paano ang pag-aani ng palay..."	This is not just for entertainment. This shows how the Matigsalug in the olden times separate the rice grains from the rice stalks.  "hindi lamang ang layunin manlibang kundi ipinapakita ang tradisyunal na paraan..."	To entertain and to re-enact.  "re-enactment, entertainment"  "pagsasadula, pagbibigay- kasiyahan o manlibang"

\*sayyew 1-4 na may pagpapaliwanag ni Datu Manuel Lacaran and \*sayyew 5-12 interpretasyon ni Larry Silabay

Talahanayan 1: Mensahe, Layunin at Kadahilanan ng Sayyew ng Tribong Matigsalug

(Pinagkunan: Talle, O.P.P., Arambala, M.P. & Sususco, A.B. (2012). *The Cultural and Traditional Constructs in the Songs and Dances of the Matigsalug Tribe in CADT Tribe in Areas of Bukidnon, Davao, and Cotabato*)

Ang talahanayan 1 ay isa lamang sa talahanayan na mabusising tinalakay nina Talle at ng kanyang kasamahan na kung saan nakapagtala sila ng (12) labindalawang uri ng sayaw, apat mula rito na walang pamagat ngunit ang mensahe o dahilan ng sayaw upang: (8) ituro sa mga kabataan upang protektahan ang kanilang kultura, (11) pagpapaalala ng paggawa ng kabutihan, (5) pagpapahayag ng kalungkutan sa pagpanaw





Presented at the 12th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 20, 21 and 22, 2019

ng isang minamahal, at (9) pasasalamat at aliwin ang mga bisita. Nariyan ang ispesipikong uri ng sayaw gaya ng (1) *Aabakae*, nagpapakita ng kasaysayan o pinagmulan ng kanilang kasuotan sa pamamagitan ng abaka, (2) *Naalimungaw on Kay Dungen Ko*, sayaw upang maibakas ang pinagmulan ng tribong Matigsalug, (3) *Nangaliya sa Manama*, paghingi ng proteksyon sa kanilang diyos sa ligtas na pagbyahe, (4) *Gimukod*, sayaw na na ipinapaalala sa mga kabataan ang kanilang mga yumao, (6) *Saut*, sayaw-alitan (war dance), uri ng sayaw na kapag inagaw ng isang lalaking Matigsalug ang kanyang asawa, (7) *Di Mo Magparehas sa Akoa nga Nagtaban ug lain nga lalake*, isang uri ng sayaw na pinapaalala sa mag-asawa na huwag siyang gayahin na nakipagtanan ng ibang lalaki, (10) *Sayyew Para sa Bisita*, isang uri ng sayaw upang ipahayag ang taos-pusong pasasalamat at kasiyahan sa mga bisita at ang pagpreserba ng kanilang kultura, at (12) *Inamong*, uri ng sayaw para magbigay-aliw sa mga bisita at re-enactment na nagpapakita ng tradisyunal na paraan ng pag-aani ng palay.

Ang pag-aaral ni Yamut (2009) ay nakapag-uri din siya ng (14) na sayaw ng mga Matigsalug gaya ng: *Bangkakawan*, uri ng sayaw na gamit ang log o torso na pinapalibutan ng anim na mananayaw (2 lalaki at 4 na babe); *Binanog*, uri ng sayaw na mang-akit o kumiri na ginagad ang kilos ng “banog” o lawin; *Bubudsil*, sayaw na ginagaya ang kilos ng mga ibon na kapag naggugrupo at ang pagtatalik nito; *Inagong*, sosyal na sayaw tuwing may festival, kasalan at iba pang espesyal na okasyon; *Kakayamutan*, sayaw na ginagad ang kilos ng “kalaw”; *Kalusisi*, sayaw na naglalarawan ng uri ng ibon na tinatawag na “kulasisi” kung paano ito kumilos at lumipad mula sa isang puno patungo sa ibang puno; *Oripón*, sayaw ng babaing Matigsalug bilang pamamaalam niya sa iba pang alipin; *Pig-agawan*, uri ng sayaw na nang-aakit at pagtataksil gaya ng mga ibon kung paano ito lumipad, lumundag at makipagtalik sa isa’t isa; *Saluray Kudlong*, uri ng sayaw na pang-akit at pagtataksil na hawak ng lalaking Matigsalug ang “saluray” at babaing Matigsalug naman ang “kudlong”; *Kubing*, sayaw na ginagamitan ng instrumentong “kubing” na ginaganap tuwing may ritwal, pagtitipon o pang-aakit; *Kulintang*, sayaw na pang-akit ng kapwa lalaki at babae na nakalambitin ang gong; *Talupak Mamugas*, uri ng sayaw na naglalarawan kung paano ang pagtatanim ng palay at pag-aani bilang ekspresyon ng pasasalamat; *Titinokak*, sayaw na ginagad ang kilos ng maliit na unggoy; *Uubol*, uri ng sayaw ng unggoy na ginaganap tuwing may espesyal na okasyon gaya ng festival at malakihang pagtitipon gaya ng *Kaamulan* (p.35).

Batay sa presentasyon ng mga uri ng sayaw at ang layunin nito na inilahad ni Yamut, ang mga sayaw ng mga Matigsalug ay may mga temang gaya ng: mga kilos na ginagad mula sa mga ibon at hayop, pamamaraan ng pagtatanim at pag-aani ng palay, pang-aakit at pagtataksil, at sa mga espesyal na okasyon. Batay din sa aking personal na panayam sa ilang piling kabataang Matigsalug, halos ang kanilang mga kwentong oral at pasulat ay nauukol sa kalikasan (gumamit sila ng mga subjek gaya ng mga insekto o hayop, puno at taong karakter) na pinapakita ang pagpapahalaga sa kalikasan at pagmamahal sa kanilang kultura (Bolasa, 2013). Sinuportahan din sa pananaliksik na *The Matigsalug Tribe as Reflected in Their Visual Arts* nina Calimbo at Bayron (2012) na kakikitaan sa kanilang sining ng pagpipinta, pagtatatu, at eskultura ang mga abeylabol na kagamitan na ginagamit sa kanilang pagsasayaw na hinango mula sa kanilang tribo at kalikasan.

Dagdag pa ni Briggs, ang mga sayaw ng Matigsalug lalo na ang *Bangkakawan* ay isang uri ng sayaw na may apat na bahagi, nagsisilbing pangkalahatang sayaw ng mga Matigsalug, ang pinakaorihinal na kwento ng sayaw na ito ay *dulisan*, ang paraan ng paglason sa isang ilog na sinang-ayunan ng mga datu na para sa simpleng paraan, makakuha ng maraming isda at ipapakain sa mga naulilang bata at matatanda. Ginagamitan ito ng malaking torso at dalawang bayuhan. Nagsisilbing nagbibigay-aliw sa mga pagtitipon ang sayaw na ito at ginagamit bago magkaingin. Layunin din ng *Bangkakawan* ang pagkakaisa at kapayapaan ng tribo o komunidad sa kabuuan. Ang *Saluray* naman ay sayaw ng eksklusibo lamang sa mga batang performer na sinanay ng matatandang Matigsalug. Gayundin, ang *Kalusisi* at *Binanog* ay mga sayaw ng mga kabataan. Ang sayaw na *Kalusisi* ay pangagad na sayaw ng isang uri ng magandang ibon na may magandang katangiang na magbahagi ng pantay na biyaya sa kanyang mga sisiw at magandang tularan ng isang lider ng tribo na nakita ng mga nakakatandang Matigsalug (elders). Ang mga elder na may espesyal na kapangyarihan na makipag-usap sa mga espiritu ang siyang namimili kung anumang sayaw ang karapat-dapat na gagayahin. Higit sa lahat, anumang gawain ng mga Matigsalug ay sinisimulan nila ng ritwal o pasasalamat sa mga espiritu sa kanilang paligid (mga bagay at mga talentong ipinagkaloob sa kanila), isang malaking pagtitipon na dinadala



ang kanilang mga kagamitang sa pagsasaka (farming tools) at mga produkto gaya ng kamote, saging, prutas at iba pa at sinasabuyan ng pagkain ang kanilang mga kagamitan. Matapos ang ritwal, ang sayaw na *Bangkakawan* ay maaari nang simulan at maaari na ring sayawin dito ang iba't ibang uri pa ng sayaw (panayam, Enero 31, 2019).

Mula sa mga impormasyong inilahad sa ganang itaas, ang papel na ito ay gumamit ng dalumat o konsepto ng Imitasyon nina Plato at Aristotle.

Sa artikulong *The Concept of Imitation in Plato and Aristotle (Aristo Ve Plato' Da Taklit)*, inilatag ni Baktir ang pagpapakahulugan ng mimesis:

Linguistically, the root word is 'mimos'; mimesthia, mimesis, mimetes, mimetikos, and mimema are derived from 'mimos'. Mimesthia denotes imitation, representation or portrayal; mimos and mimetes designate the person who imitates or represents, whereby 'mimos' originally refers to the recitation or dramatic performance in the context of dramatic action. The mime, which is a kind of banquets given by wealthy man, is most probably derived from mimos. The noun 'mimesis' as well as corresponding verb mimeisthai refer to the re-enactment and dance through ritual and myth. In Athenian drama the re-enactment is equivalent to acting out the role of a mythical figure and 'mimesis' in such a context connotes the imitation of the earlier re-enactment of the myth and rituals.

Historically, the word 'mimesis' as re-enactment first appears in such rituals, and the historical origin of the term, as located in Dionysian cult drama, coincides this meaning in that 'mimesis' in both cases refers to imitation, representation and expression. It is argued that myth, and divine symbols of the rituals are transformed to artistic-dramatic representation through which it became possible to represent the divinity and gods in drama. Tragedy, for instance is the transformation of the myth and rituals (p.168).

#### 4. REPORT OF OPPOSING OR DIFFERING VIEWS

Batay sa inilatag ni Baktir (2003) ukol sa konsepto ng imitasyon nina Plato at Aristotle, may malaking kaugnayan ito sa isyung inilahad ko sa unang bahagi ng papel – ang pagpapahalaga sa sining, tradisyon at kultura ng tribong Matigsalug at ang pagpapahalaga at pangangalaga sa kalikasan na siyang tanging pinagkukunan ng kabuhayan ng buong tribo hindi lamang ng Matigsalug kundi maging ng buong kapuluan. Maaaring magkaroon ng panganib sa pang-aabuso ng kalikasan at gayundin sa kultura ng tribong Matigsalug.

Binigyang-empasis ni Aristotle kay Hasan Baktir na ang lahat ng aksyon ng tao ay isang mimetiko at natutuhan ng tao sa pamamagitan ng imitasyon (pinupunto rito ang isang artist). Sa kaso ng mga Matigsalug, ang kanilang sayaw ay natutuhan nila mula pa sa kanilang mga kanunuan. Ang sayaw ng kanilang mga kanunuan ay ibinatay nila sa mga kwento, mito o kasaysayan ng tribo na may malaking kinalaman sa paniniwala sa mga espiritu, diyos na si *Manama* at higit sa lahat halos lahat nito ay paano nila pahalagahan o pasalamatang ang kalikasan.

Binigyang-empasis naman ni Plato kay Hasan Baktir ginamit ang konsepto ng mimesis sa konteksto ng edukasyon ng kabataan, tinalakay niya rin ang function ng mimesis sa pananalita, galaw ng katawan at pag-uugali ng tao. Ibig sabihin nito, malaki ang papel na ginagampanan ng edukasyon ng kabataan upang mabigyang-kabatiran ang sumusunod na lahi ukol sa kanilang sining at tradisyon at gayundin para mapreserba ang kanilang katangi-tanging kalinangan. Malaking bagay na maihambing ang realidad at ang kopya gaya ng pagiging awtentik ng kanilang sayaw at iba pang uri ng sining. Higit sa lahat, makatutulong din



ang edukasyon ng kabataan upang isulong ang kamalayan sa wastong pagkunsumo ng likas na yaman at paano ito mapoprotektahan laban sa mga mapang-abusong indibidwal.

Sa pamamagitan ng konseptong inilatag nina Plato at Aristotle, gasgas man ang teoryang ito at maraming dekada man ang lumipas at lilipas, magagamit ito upang masuri o masaliksik at maidokumento ang yaman ng sining at kultura ng mga Matigsalug dahil na ayon nga kay Briggs, “may mga elder silang may kapangyarihan makipag-ugnayan sa mga espiritu at sila mismo ang tumutukoy o nagsususri ng mga bagay sa kapaligiran na nagtataglay ng mga katangiang unique na maaari nilang modelo o pamantayan ng kanilang tribo na kahit pumanaw man sila, mananatili sa isipan ng bagong tubo ang kanilang tradisyon at kultura.”

## 5. CONCLUSION

Mahigit dalawang dekada na rin nang una kong marinig ang awiting “Masdan Mo Ang Kapaligiran” ng sikat na Pinoy Folk Rock Band na “ASIN,” na ginamit rin *background music* ng isang pelikula (Wikipedia, 2009). Naalala ko pa habang pinapakinggan ng buong klase ang magandang mensahe ng awiting ito, ipinahanda kami ng aming Grade 4 adviser ng bond paper, krayola at iba pang materyales na gagamitin sa pagguhit. Inatasan niya kaming gumuhit kung ano ang mga imahe o ideyang lumalabas habang pinapakinggan ang awitin at matapos nito’y tinalakay namin sa klase.

Naisip ko tuloy habang tinatapos ang papel na ito na ano kaya kung sakaling sumulat ako sa lahat ng ahensya ng pamahalaan at humingi ng pahintulot sa mga may-ari ng istasyon ng radyo at telebisyon na kada araw, kahit dalawa o tatlong beses man lamang ipatugtog ang awiting ito na may kaugnay na larawan o video ng ilang kaganapan o trahedyang dulot dahil sa labis na pang-aabuso ng likas na yaman ay magigising ang lahat ng mamamayan sa Pilipinas at buong mundo na pahalagahan ang kalikasang hiniram lamang natin sa Manlilikha.

Mahigit din isang dekada na rin ang nakalipas nang maging bahagi ako ng klase sa *PE 12: Rhythmic Activities* at isa sa mga pangangailangan ay ang pagtatanghal ng *street dancing* at *show down* ng sayaw ng mga lumad sa Bukidnon. Kahit wala akong talento sa pagsayaw, napilitan akong kumembot at ilang basic footwork para sa napili naming sayaw na gagagarin – ang sayaw ng mga *Manobo*. Dahil sa takot ko sa aming guro at para na rin sa pagnanais na makapasa sa asignatura, wala sa dibdib ko kung ano ang aking ginagawa. Nang maging bahagi ako ng team ng aming programang research at extension, marami akong natuklasan na kamalian at nahihiya ako sa aking mga ginawa dahil ang naipresenta naming sayaw ay maituturing kong isang paglabag sa pamantayan ng sayaw ng mga lumad dahil ni hindi man lamang nagkunsulta ang buong klase sa orihinal na mga mananayaw ng tribong aming napili at higit sa lahat, mali ang konsepto at koreograpi ng sayaw dahil ang naisip ng buong klase na mairaos lamang ang pangangailangan ng asignatura.

Sa ngayon, bilang aktibong mananaliksik at nagpapakadalubhasa ukol sa kultura, malaking tulong ito sa akin at ng buong komunidad para maipagpatuloy ko ang aking nasimulang adhikain. Malaking ambag din ito para sa ilan pang mananaliksik na bigyang-tuon ang sining at kultura ng iba pang tribong naisasantabi.

Bilang pagwawakas, kung papahintulutan ako ng bandang ASIN, may idaragdag lamang ako sa huling sakanong ng awit – mangyari’y daragdagan ko ng salitang “magsayawan” para maging ganito na ang kabuuan ng ikalawang sakanong:

Presented at the 12th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 20, 21 and 22, 2019



*Refrain 2: Mayron lang akong hinihiling sa aking pagpanaw sana ay tag-ulan, gitara ko ay aking dadalhin upang sa ulap na lang tayo magkantahan at "magsayawan."*

Naniniwala ang mananaliksik na darating ang panahon na pumanaw man tayo sa daigdig na ito, wala tayong pagsisi dahil sa simpleng paraan ay may naibahagi tayo upang maisalba ang ating kultura't kalikasan.

## ACKNOWLEDGEMENT

Buong-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik kay Prof. Onnah Pierre P. Talle at sa kanyang mga kolaboreytor ng riserts sa pagpapahiram ng kanilang report at dagdag na kaalaman ukol sa sayaw ng mga Matigsalug. Gayundin, pinasasalamat ko rin si Datu Brigido D. Lacaran at mga katribo sa walang-sawang pagsuporta mula pa nang magsimulang maglunsad ng proyekto ang aming institusyon hanggang sa kasalukuyan.

## REFERENCES

- ASIN Pinoy Folk Rock Band. (1976). *Masdan Mo Ang Kapaligiran*. Vicor Music, Singles, 1978 and Compilation Albums, 1994. Genius.com. Retrieved February 2, 2019, from <https://genius.com/Asin-masdan-mo-ang-kapaligiran-lyrics>.
- Baktir, H. (2003, May). The Concept of Imitation in Plato and Aristotle (Aristo Ve Plato' Da Taklit). *Sosyal Bilimler Enstitüsü Dergisi Sayı : Vol.15, No.2*, pp.167-179. Researchgate. Retrieved January 30, 2019 from <https://www.researchgate.net/publication/267416112> THE CONCEPT OF IMITATION IN PLATO AND ARISTOTLE ARISTO VE PLATO'DA TAKLIT.
- Bayron, A.M. Jr. et.al. (2013). Egtanggu Te Sengedalepe (Adopt A Community) Capability Building for a Traditional System (CABUTES) on Indigenous People's Reading, Literacy, Health and Literacy Arts Skills and Teacher's Assessment and Translation Strategies. An Accomplishment Report of the Extension Project Submitted to Extension Office, Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon. Unpublished.
- Bolasa, F.P. (2013). Enhancing Storytelling Skills of Selected Pulangihon-Manobo Youths in Poblacion, Kitaotao, Bukidnon. An Accomplishment Report Submitted to Extension Office, Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon. Unpublished.
- Calimbo, A. S. & Bayron, A. M. Jr. (2012, May). The Matigsalug Tribe as Reflected in Their Visual Arts. A Terminal Report of the Research Conducted. Submitted to the Office of Research, Extension and Development Office. Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon. Unpublished
- Elemia, C. (2017, May 6). *Gov't, private sector team up to help Mindanao tribe earn a living*. Rappler.com. Retrieved January 31, 2019, from <https://www.rappler.com/nation/169034-matigsalug-tribe-davao-dti-aboitiz>.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 20, 21 and 22, 2019



- Ethnic Groups Philippines. (2017, May 15). The Matigsalug Tribe of Salug River. Retrieved January 31, 2019, from <http://www.ethnicgroupsphilippines.com/2017/05/15/the-matigsalug-tribe-of-salug-river/>.
- Griffin, R.D. (2009, May). Indigenous Knowledge for Sustainable Development: A Case Studies of Three Indigenous Tribes of Wisconsin. College of Natural Resources, University of Wisconsin, Stevens Point, Wisconsin. Retrieved 28 January 2019 from <http://citeseerx.ist.psu.edu/viewdoc/download?doi=10.1.1.428.596&rep=rep1&type=pdf>.
- Merriam-Webster Online Dictionary. "Authentic." Retrieved February 2, 2019, from <https://www.merriam-webster.com/dictionary/authentic>
- Philippine Development Plan (2011-2016). 10 Conservation, Protection, and Rehabilitation of the Environment and Natural Resources. pp.304-337. Retrieved January 31, 2019, from <http://www.neda.gov.ph/wp-content/uploads/2013/09/CHAPTER-10.pdf>.
- Talle, O.P.P., Arambala, M.P., & Sususco, A.B. (2012). The Cultural and Traditional Constructs in the Songs and Dances of the Matigsalug Tribe in CADT Tribe in Areas of Bukidnon, Davao, and Cotabato. An Accomplishment Report Submitted to Research Office, Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon. Unpublished.
- Wikipedia. 2009. ASIN Band History. Retrieved February 2, 2019, from [https://en.wikipedia.org/wiki/Asin\\_\(band\)](https://en.wikipedia.org/wiki/Asin_(band))
- Yamut, V.T. (2009, December). Manubo Matigsalug Dances of Sinuda, Kitaotao, Bukidnon. *Liceo Journal of Higher Education Research*. Vol.6, No.1, pp.28-51. Retrieved January 31, 2019, from [https://issuu.com/asian\\_journals/docs/2009\\_journal](https://issuu.com/asian_journals/docs/2009_journal).

Personal na Panayam:

Brigido D. Lacaran, Mayo 15, 2012.  
Datu Manuel Lacaran, Mayo 15, 2012.  
Maridel Lacaran, Mayo 15, 2012.  
Queram Lacaran, Mayo 15, 2012.  
Aileen Maasab, Mayo 15, 2012.  
Larry Silabay, Mayo 15, 2012.

Follow-up na panayam sa pamamagitan ng text messages at tawag:  
Brigido D. Lacaran, Enero 28 at 31, 2019.